PANANAW NG MGA KOLEHIYONG ESTUDYANTE SA FILIPINO BILANG BASIKONG ASIGNATURA SA CENTRAL PHILIPPINE UNIVERSITY

Liza V. Do-oma

ABSTRAK

Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang pananaw ng mga kolehiyong estudyante sa Filipino bilang basikong asignatura sa Central Philippine University. Ang metodong ginamit ng mananaliksik ay palarawan. Ito'y naglalayong alamin ang katotohanan ukol sa kondisyon o ng relasyong umiiral, ang kasanayang nangingibabaw, mga paniniwala o opinyon na nararamdaman ng mga estudyante. Ang mga tagatugon ay mga estudyante sa kolehiyo na may basikong asignatura sa Filipino 2a sa unang semester ng taong 2002-2003 na may kabuuang bilang na isang-daan limampu't lima (155). Batay sa resulta ng pananalisik, ipinapakita na ang mga estudyante ay sang-ayon sa Filipino bilang basikong asignatura. Ipinapakitang walang katotohanan ang mga hindi magagandang pananaw ng mga estudyante sa nasabing asignatura at isang haka-haka lamang ang mga naririnig tungkol sa kanilang negatibong pananaw at walang ganang mag-aral sa nabanggit na asignatura. Ipinapakita ring hindi nila ipinagsawalang bahala ang wikang Filipino. Isang kongklusyon ang inihaharap ng pananaliksik na walang kaugnayang pagkakaiba sa pananaw ng mga estudyante sa Filipino 2a bilang basikong asignatura sa pagitan ng kanilang edad, uri ng paaralang napagtapusan ng hayskul, samantalang may kaugnayan naman sa pagitan ng pananaw at pelikulang pinapanood.

INTRODUKSYON

Katwiran ng Pag-aaral

Isang maalindog na diwata na sa kanyang pagkahumaling ay nagsabog ng esmeralda sa tubig at sumulpot sa kinahagisan nito ang Pilipinas. Sa loob nito, bunga ng pananakop ng iba't ibang dayuhan ay hindi nagkaintindihan ang sangkatauhan kaya nabuo ang WIKANG FILIPINO na nagmula sa iba't ibang wikain ng Pilipinas para maging tagapagbuklod ng lahat.

Sinabi ni Gregorio kay Gonzales (1983), na isa sa pinakaepektibong tagapaglaganap ng pagtuturo at pagkatuto ay ang sistema ng paaralan. Mahihikayat nito ang guro upang magawa ang responsibilidad bilang epektibong guro. Maging ito'y makakatulong sa pagpaunlad at pagtuturo ng asignaturang Filipino kaya ipinahayag ni Contreras (1986) na paunlarin ang ating sariling wika at palaganapin dahil ang Pilipinas ay may iisang wikang kakaiba sa lahat. Wikang tagapagbuklod ng sambayanang Pilipino.

Ayon kay Lopez (1989), may dalawang salik na nakakaimpluwensya sa pag-aaral ng asignaturang Filipino. Ang mga ito'y: pananaw at pagpapahalagang moral mismo. Idinagdag pa dito ni Gregorio (1989) na ang mga mag-aaral ay siyang sentro ng pagtuturo.. Ang kanilang pananaw sa katauhan, pag-uugali, paraan, pamamaraan sa pagtuturo ng guro at mga kagamitang pampagtuturong ginagamit ay mahalaga sa kanilang pagkatuto. Ang kanilang pananaw mismo ay nagpapakilala ng pagkakaunawa at damdamin sa asignaturang Filipino.

Ayon naman kay Bennagen (1991), ang wikang Filipino ay daluyan ng pambansang kultura na mahalaga para sa ating pagkakaisa bilang isang sambayanang Pilipino. Ito'y kasangkapan sa pag-iisip at pakikipag-ugnayan sa lipunan. Tinatangkilik ito ng bawat Pilipino ayon kay Alcantara (1996) na dapat pahalagahan. Nagsisilbi rin itong salamin ng kultura, pagkatao ng sambayanan, at masistemang kabuuan na sinasalita ng mga tao upang gamiting tagapag-ugnay ayon naman kay Badayos (1999).

Binanggit ni Willing kay Badayos (1999), na isinaalang-alang ng sensitibong guro ang mga istilong gusto ng mga estudyante sa pagkaroon ng isang matagumpay at mabisang pagkakatuto. Ipinahayag ni Belvez (2000), na ang tunay na guro ay kailangang may angking kakayahan, kasanayang pampropesyunal, magandang saloobin, at magandang pananaw sa propesyon. Ang pagkakaroon ng sapat na mga sangguniang

dyornal, aklat at iba pang mga kagamitang pampagtuturo gayundin ang kadalubhasaan ng guro sa propesyon ay mahalagang salik na magagamit sa pagsulong ng wikang nabanggit.

Ayon kay Anam (2000), upang mapadali ang pagsasalin ng kaalamn ay gumamit ng mga kagamitan ang guro at tulungang maging mulat ang mga estudyante at maging lohikal sa pag-aaral. Idinagdag pa ni Landy (2000), na ipagpatuloy ng guro ang kanyang pananaliksik sa iba pang mga bagay kaugnay sa topiko dahilang hindi siya makapagturo kung wala siyang kaalaman. Magiging katulad siya ng sasakyan na nangangailangan ng langis bago umandar.

Pinapaniwalaan naman ni Moscaya (2004), na higit na kawili-wili at epektibo ang pagkatuto kapag may baryedad sa mga gawain. Kaya, kailangan ang guro ay maging malikhain, mapag-isip, mapaghanap ng mga teknik at pamamaraang gamitin upang ang proseso ng pagkatuto ay maging kasiya-siya.

Saklaw at Katakdaan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay sumasaklaw sa "Pananaw ng mga Kolehiyong Estudyante sa Filipino bilang Basikong Asignatura sa Central Philippine University." Sinasaklaw din ng pag-aaral na ito ang kaugnayan ng mga iba't ibang salik sa edad, kasarian, uri ng paaralang napagtapusan ng hayskul, at pelikulang pinapanood na nakakaimpluwensya sa pananaw ng mga estudyante sa asignaturang Filipino. Ang tagatugon ng pag-aaral ay mga estudyanteng mula sa dalawang daang animnapu't isa (261) na kumukuha ng asignaturang Filipino 2a sa Central Philippine University, taong panuruan 2002-2003 na ginamitan ng stratified random sampling.

METODOLOHIYA

Disenyo ng pananaliksik

Gnamit sa pag-aaral na ito ang pamaraang palarawan upang alamin ang pananaw ng mga estudyante sa Filipino bilang basikong asignatura . Tiniyak din kung may kaugnayan sa kondisyon na nakakaapekto sa saloobin o paniniwala ng mga tagatugon. Isang napapanahong kalakaran sa pagtuturo na bigyang halaga at pagsasaalang-alang ang mga estudyante o mag-aaral. Kaya sinabi ni Gregorio (1983), na ang mga mag-aaral ay sentro ng pagtuturo. Ang kanilang pananaw sa katauhan,

pag-uugali, paraan, pamamaraan sa pagtuturo ng guro at mga kagamitang pampagtuturo na ginagamit ay mahalaga sa kanilang pagkatuto.

Layunin ng Pag-aaral

Layunin ng pag-aaral na ito na tukuyin ang "Pananaw ng mga Kolehiyong Estudyante sa Filipino bilang Basikong Asignatura sa Central Philippine University, taong-panuruan 2002-2003."

Layunin ng pag-aaral na ito na masagot ang mga sumusunod:

1. Tukuyin ang ng pananaw ng mga estudyante sa Filipino bilang basikong asignatura.
2. Alamin kung may makabuluhang pagkakaiba ang pananaw ng mga estudyante sa Filipino nang sila'y pinangkat ayon sa edad, kasarian, paaralang napagtapusan ng hayskul, at pelikulang pinapanood.

Ipotesis ng Pag-aaral

Batay sa layunin , narito ang ipotesis na nabuo:

Walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga estudyante sa Filipino bilang basikong asignatura sa kolehiyo nang sila'y pinangkat ayon sa edad, uri ng paaralang napagtapusan ng hayskul, at pelikulang pinapanood ng mga estudyante sa kanilang pananaw sa asignaturang Filipino.

Teoryang Batayan ng Pag-aaral

Ang mga basikong asignatura ay magsisilbing pundasyon sa kaalaman ng mga estudyante sa antas tersyaryo. Ayon kay Spolky (1975), ang pananaw ng estudyante ay isang malaking salik na nakakaapekto sa kanyang akademikong kakayahan. Ang kanilang pananaw ay isang salik na nakakaimpluwensya sa iba't ibang tagumpay sa pag-aaral ng pangalawang wika.

May limang iba't ibang salik na nakakaimpluwensya sa pananaw ng mga estudyante sa asignaturang Filipino. Ito'y ang kasarian, edad, paaralang napagtapusan ng hayskul, at pelikulang pinapanood.

Sinabi ni ni Fassenger (1995), na ang mga lalaking mag-aaral ay mas aktibo at higit na may kumpiyansa sa loob ng silid-aralan kumpara sa mga babaeng estudyante. Ito'y pinabulaanan ni Crawford at Macleod (1990) sa kongklusyon ng kanyang pananaliksik na ang mga babaeng mag-aaral ay may kaunting tiwala sa kanilang kakayahang makapag-isip kumpara sa mga lalaking mag-aaral.

Idinagdag din ni Geroche (1991) nang napatunayan niyang walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga lalaki at babae sa wikang Filipino gayundin sa resulta ng pag-aaral ni Hall, atbp. (1999) na nagsasabing walang pagkakaiba sa pagitan ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas.

Sinasabi ni Gregorio (1983), na ang mga mag-aaral ay sentro ng pagtuturo at ang kanilang pananaw sa asignatura ay mahalaga. Ito ang magiging batayan ng pag-aaral.

Pamamaraang Ginamit sa Paglikom ng mga Datos

Ninais ng mananalisik na alamin ang "Pananaw ng mga Kolehiyong Estudyante sa Filipino Bilang Basikong Asignatura sa Central Philippine University," taong panuruan 2002-2003.

Bago ibinigay ang talatanungan sa mga tagatugon, kinilala muna ng mananaliksik ang sampung (10) guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino 2a.

Isang daan limampu't limang (155) mga estudyante ang naging tagatugon ng pag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng *stratified random sampling* mula sa dalawangdaan animnapu't isa (261).

Ang mga tagatugon ay inuri ayon sa kanilang edad, kasarian, paaralang napagtapusan ng hayskul at pelikulang pinapanood.

Matapos makuha ang bilang ng mga tagatugon, sila'y binigyan ng talatanungan ng mananaliksik upang sagutan na pamamagitan ng paglagay ng tsek sa mga pahayag na "sang-ayon", na nangangahulugang ang pahayag ay tinatanggap ng tagatugon; "di- sang-ayon", na ang pahayag ay di-tinatanggap; at "di-makapagpasya" na ang pahayag ay walang katiyakang tinatanggap ng tagatugon. Binigyan sila ng sapat na oras upang sagutin ng tiyak ang talatanungan.

Sampling Technique at Istadistikang Ginamit

Ang mananaliksik ay gumamit ng stratified random sampling sa pagkuha ng bilang ng mga tagatugon na kalahok sa pag-aaral. *Mean* at katumpakang-tuos naman ang istadistikang ginamit sa pag-alam ng pananaw ng mga estudyante at *chi-square* sa pagkuha ng kaugnayan ng pananaw ng mga estudyante sa pagitan ng edad, kasarian, uri ng paaralang napagtapusan ng hayskul, at pelikulang pinapanood.

RESULTA

Mga tagatugon ayon sa edad, kasarian, uri ng paaralang pinagtapusan ng hayskul.

Ipinapakita ng Manghad 1 na marami ang mga estudyanteng may edad na 17 pababa ang naka-enrol sa asignaturang Filipino na may 60.6% kumpara sa mga estudyanteng may edad na 18 pataas na may 39.4%.

Nakakuha ng 40% ang mga estudyanteng lalaki at 60% naman ang mga estudyanteng babae. May 54.8% naman ang mga estudyanteng nagtapos sa pampublikong paaralan at 45.2%. mula sa pribadong paaralan. Ipinapakita naman ng resulta ng kadalasan ng panonood ng pelikulang Pilipino na ang mga estudyante ay nanonood ng isang beses na may porsyentong 71.0% samantalang 29.0% sa mahigit isang beses.

Manghad 1. Distribusyon ng mga tagatugon ayon sa edad, kasarian, uri ng paaralang napagtapusan ng hayskul, at pelikulang pinapanood bawat araw.

Baryabol	f	%
Edad		
17 pababa	94	60.6
18 ataas	61	39.4
Kabuuan	155	100.0
Kasarian		
Lalaki	62	40.0
Babae	93	60.0
Kabuuan	155	100.0
Uringpaaralang pinagtapusan sa hayskul		
Pribad	70	45.2
Publiko	85	54.8
Kadalasan ng Panonood ng Pelikulang Pilipino		
Isang beses	110	71.0
Mahigit isang beses	45	29.0
Kabuuan	155	100.0

Mga tagatugon ayon sa kanilang pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Ang pananaw ng mga estudyante na "di makapagpasya" ay nakakuha ng 3.0%, samantalang 33.5% sa "di-sang-ayon", at 64.5 naman sa "sang-ayon" sa Filipino bilang basikong asignatura.

Manghad 2. Distribusyon ng mga tagatugon ayon sa kanilang pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Pananaw	f	%
Di makapagpasya	3	3.0
Di-sang-ayon	52	33.5
Sang-ayon	100	64.5
Kabuuan	155	100.0

Mga tagatugon ayon sa kanilang edad at pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Ipinapakita ng Manghad 3 na ang pananaw ng mga estudyante na 'di makapagpasya" sa edad 17 pababa ay nakakuha ng 3.2%, at 0.0% ang sa may edad na 18 pataas. Samantalang 29.8 % naman ang nakuha ng may edad na 17 pababa, 39.3% sa may edad na 18 pataas, at sa pananaw na "sang-ayon" ay 67.0% sa edad na 17 pababa at 60.7 % sa edad na 18 pataas. Sa kabuuan, ipinapakita ng manghad na walang kaugnayang pagkakaiba ang edad ng mga estudyante sa Filipino bilang basikong asignatura.

Manghad 3. Distribusyon ng mga tagatugon ayon sa kanilang edad at pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura	Edad ng tagatugon			
	17 pababa		18 pataas	
	f	%	f	%
Di makapagpasya	3	3.2	0	0.0
Di-sang-ayon	28	29.8	24	39.3
Sang-ayon	63	67.0	37	60.7
Kabuuan	94	100.0	61	100.0

Pearson's r=0.006 Sig.= 0.94

Mga tagatugon ayon sa kasarian at sa pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Ang mga lalaking estudyante ay nakakuha ng 3.2% sa pananaw na "di makapagpasya", 37.1% sa "di-sang-ayon", at 59.7% sa "sang-ayon," samantalang ang mga babae naman ay nakakuha ng 1.1% sa pananaw na "di makapagpasya," 31.2% sa "di sang-ayon," at 67.7% sa "sang-ayon" sa Filipino bilang basikong asignatura. Ipinapakita ng manghad na walang kaugnayang pagkakaiba sa pagitan ng kasarian at pananaw ng mga estudyante sa Filipino bilang basikong asignatura.

Manghad 4. Distribusyon ng mga tagatugon ayon sa kasarian at sa pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura	Kasarian ng tagatugon			
	Lalaki		Babae	
	f	%	f	%
Di makapagpasya	2	3.2	1	1.1
Di-sang-ayon	23	37.1	29	31.2
Sang-ayon	37	59.7	63	67.7
Kabuuan	62	100.0	93	100.0

Chi-square= 1.652 df=2 Sig.=0.438

Mga tagatugon ayon sa uri ng paaralang napagtapusan ng hayskul at ang kanilang pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Ipinapakita ng Manghad 5 na ang mga estudyanteng galing sa publikong paaralan ay nakakuha ng 2.9% sa kanilang pananaw na "di makapagpasya," 40.0% sa "di-sang-ayon," at 57.1% sa "sang-ayon," samantalang ang mga estudyanteng galing ng pribadong paaralan ay nakakuha naman ng 1.25 sa kanilang pananaw na "di makapagpasya," 28.25 sa "di-sang-ayon," at 70.6% sa pananaw na "sang-ayon." Inilalahad sa manghad na walang kaugnayang pagkakaiba sa pagitan ng uri ng paaralang pinagtapusan ng mga estudyante at sa kanilang pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Manghad 5. Distribusyon ng mga tagatugon ayon sa uri ng paaralang napagtapusan ng hayskul at ang kanilang pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura	Uri ng paaralang pinagtapusan			
	Publiko		Pribado	
	f	%	f	%
Di makapagpasya	2	2.9	1	1.2
Di-sang-ayon	28	40.0	24	28.2
Sang-ayon	40	57.1	60	70.6
Kabuuan	70	100.0	85	100.0

Chi-square= 3.22 df= 2 Sig.= 0.200

Mga tagatugon ayon sa frequency ng panonood ng pelikulang Ingles bawat araw at ang kanilang pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Ayon sa resulta ng manghad 6 ang mga estudyanteng nanonood ng pelikulang Ingles bawat araw ay nakakuha ng 2.1% sa kanilang pananaw na "di makapagpasya," 32.3% sa "di-sang-ayon," at 65.6% sa "sang-ayon," samantalang ang mga nanonood naman ng pelikulang Ingles ng mahigit isang beses bawat araw ay nakakuha ng 1.76% sa pananaw na "di makapagpasya," 35.6% sa "di-sang-ayon," at 62.7% sa "sang-ayon." Ipinapakita lamang na walang kaugnayang pagkakaiba sa pagitan ng frequency ng panonood ng pelikulang Ingles at sa pananaw ng mga estudyante sa Filipino bilang basikong asignatura.

Manghad 6. Distribusyon ng mga tagatugon ayon sa frequency ng panonood ng pelikulang Ingles bawat araw at ang kanilang pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura	Frequency ng panonood ng pelikulang Ingles sa bawat araw			
	Isang beses		Mahigit isa	
	f	%	f	%
Di makapagpasya	2	2.1	1	1.76
Di-sang-ayon	31	32.3	21	35.6
Sang-ayon	63	65.6	37	62.7
Kabuuan	96	100.0	59	100.0

Pearson's r= 0.012 Sig.= 0.878

Mga tagatugon ayon sa frequency ng panonood ng pelikulang Filipino bawat araw at sa kanilang pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura

Ipinapakita ng resulta na ang mga estudyanteng nasa kolchiyo ay nakakuha ng 2.1% sa isang beses na panonood ng pelikula bawat araw sa kanilang pananaw na "di makapagpasya", 32.3% sa "di-sang-ayon", at 65..6% sa "sang-ayon." Samantalang 1.76% sa kanialgn pananaw na "di makapagpasya", 35.6 % sa "di-sang-ayon", at 62.7% sa sang-ayon sa kanilang panonood ng mahigit isang beses bawat araw ng pelikulang Filipino

Ipinapakita ng manghad 7 na may kaugnayang pagkakaiba sa pagitan ng panonood ng pelikulang Filipino at sa pananaw ng mga estudyante sa Filipino bilang basikong asignatura.

Manghad 7. Distribusyon ng mga tagatugon ayon sa frequency ng panonood ng pelikulang Filipino bawat araw at sa kanilang pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura.

Pananaw sa Filipino bilang basikong asignatura	Frequency ng panonood ng pelikulang Filipno bawat araw			
	Isang beses		Mahigit isa	
	f	%	f	%
Di makapagpasya	2	1.8	1	2.2
Di-sang-ayon	42	38.2	10	22.2
Sang-ayon	66	60.0	34	75.6
Kabuuan	110	100.0	45	100.0

Pearson's r= 0.190 Sig.= 0.018

TALAKAYAN

Ayon kay Lachica (1993), ang anumang paraan ng pakikipagtalastasan at pagpapahayag ng kaisipan at damdamin sa pamamagitan ng mga salita upang maunawaan ng kapwa ay tinatawag na wika. Ito ang wikang Filipino, ang daan at katuparan ng lahat ng mga pangarap ng mga Pilipino. Nagkakaroon ng pagkakaisa ang lahat ng dahil sa wikang ito.

Sa pagtuturo ng wikang Filipino, ang isang guro ay nangangailangan

maging maagap sa paghahanap ng mga kagamitan at mga estratehiyang magagamit sa kanyang pagtuturo. Idinagdag ni Belvez (2000), na ang isang katangian ng isang epektibong guro ay ang paggamit ng iba't ibang dulog at estratehiya sa pagtuturo, mayaman sa kagamitang biswal, awdyo-biswal na angkop at lapat sa uri ng aralin, sa layuning nais matamo, at sa kaalaman, kasanayan at kakayahang ninanais malinang. Ang paggamit ng awdyo-biswal na kagamitan tulad ng panonood ng pelikulang Filipino ay isang makabuluhang pamamaraang magagamit ng isang gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino. Ang pelikula ay isang kagamitang tanaw-dinig na may layuning pang edukasyunal ayon kay Abad, et al. (1996).

Tiwala ng bawat isa ang kailangan upang mapabilis ang pag-unlad ng pagtangkilik ng ating sariling wika. Ang Filipino ay isang katotohanang umuusbong sa puso ng bawat Pilipino. Ito ang wika ng ating lipunan.

Magkaroon din ng magandang pananaw ang mga susunod pang mga estudyanteng mag-aaral sa asignturang Filipino gaya ng ipinapakitang resulta ng pananaliksik na ito.

Kongklusyon

Batay sa resulta ng pananaliksik, ipinapakitang ang mga estudyante ay sang-ayon sa kanilang pananaw na ang asignaturang Filipino ay basikong asignatura sa Central Philippine University. Ipinapakitang walang katotohanan ang mga di magagandang pananaw sa asignatura. Isang katotohanan na patuloy pa rin nating minamahal at tinatangkilik ang wikang Filipino bilang tagapagsiwalat ng kaisipang Pilipino. Pinapatotohanan ng resulta ng pananaliksik na ang Filipino ay isang makabuluhang basikong asignatura sa Central Philippine University na nakatutulong sa pag-unlad ng bawat estudyante maging ng iba pang Pilipino. Ang panonood ng pelikulang Filipino ay isa sa mga pamamaraang magagamit bilang lundayan ng mga guro para mas lalo pang maging malinaw, mahalaga, at madali sa mga estudyante ang pag-intindi ng basikong asignaturang Filipino.

Rekomendasyon

Batay sa resulta at kongklusyon ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay ang mga rekomendasyon:

1. Ipagpatuloy ang nasimulang mga programa sa pagpapaunlad ng asignaturang Filipino.

2. Magkaroon ng iba pang pag-aaral tungkol sa iba pang salik na nakakaapekto sa pananaw ng mga estudyante sa pag-aaral ng asignaturang Filipino.

3. Magkaroon ng bukas na isipan ang mga guro sa Filipino sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya at pamamaraang magagamit sa pagtuturo.

4. Magkaroon ng suporta mula sa mga tagapamahala ng unibersidad sa mga guro sa paggamit ng mga makabagong teknolohiyang pang-instruksyon sa pagtuturo sa silid-aralan.

5. Dagdagan ang mga pagsasanay at mga pampasiglang gagamitin ng mga guro para lalong mahasa ang kasanayan sa pag-aaral ng mga estudyante sa asignaturang Filipino.

PASASALAMAT

Isang taos-pusong pasasalamat ang nais iparating ng may-akda sa mga sumusunod na tao, kaibigan, kapamilya at kapuso na buong pusong tumulong at sumuporta upang matapos ang pananaliksik na ito. Salamat kina:Dr. Randy A.V. Pabulayan, Direktor ng University Research Center sa kanyang walang sawang pag-unawa, pagtulong, at buong pusong kadalubhasaang pagbabahagi ng kanyang oras at kaalaman; kay Prof. Janet P. Jaco sa kanyang panghihikayat; sa aking mga kapamilya at kapuso na kapwa guro sa Kolehiyo ng Edukasyon sa pagbabahagi ng kaalaman; Gayon din sa aming mapagpakumbaba at matulunging OIC Dean ng Kolehiyo ng Edukasyon na walang iba, Dr. Joel A. Ciriaco sa kanyang mga makabuluhang payo upang maisagawa ang pag-aaral at higit sa lahat sa ating POONG MAYKAPAL. Maraming-maraming salamat.

TALASANGGUNIAN

Abad, M. et. Al. (1996). *Paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo.* Quezon,City. Kalayaan Press.

Alcantara, Rebecca, et. Al. (1996). *Teaching strategies I.* Manila, Philippines: Katha Publishing Co.

Anam, Judith B. (2000). *Teacher's performance and pupil's achievement.* Di-nailathalang tesis. West Visayas state University, IloiloCity, Philippines.

Badayos, Paquito. (1999). *Metodolohiya sa pagtuturo ng wika.* Makati City, Manila, Philippines: Grandwater Publications and Research Corporation.

Belvez, Paz M. et. al. (2000). *Ang sining at agham ng pagtuturo.* Manila, Philippines: Rex Bookstore.

Blair, Glen M. et. al. (1975). *Educational psychology.* New York, 4th Ed. Memillan Publishing Co., Inc.

Fassenger, P.A. (1995). *Understanding classroom interaction*: Student's and professor contributions to students silence. Journal of Higher Education.

Geroche, F. L. (1991). *Ang paggamit ng Filipino sa ilang asignatura sa pananaw ng mga mag-aaral sa paaralang sekundarya ng Paglaum State College.* Di-nailathalang tesis. West Visayas State University, Iloilo City, Philippines.

Gregorio, Herman C. (1983). P*rinciples and practices of college teaching* (Revised Edition). Quezon City, Philippines.

Lachica, V. (1993). *Komunikasyon at linggwistika.* Manila, Philippines: St. Bernadette Publications.

Landy, Joseph V. (2000). *Tahanan books*, A Division of Tahanan Pacific Inc. Makati City, Philippines.

Moscaya, G.L. (2004). *Popular na awitin sa pagtuturo ng panitikan.* Di-nailathalang tesis. West Visayas State University, Iloilo City, Philippines.